Ika 30 ng Hulyo, 2018

DIVISION OF EL SALVADOR CITY
RELEASED
DepED El Salvador
Date: 30 JUL 2018
Time: 3:44 PM
Name: [signature]
Signature [signature]
MISAMIS ORIENTAL

**MEMORANDUM PANSANGAY**
No. 229 s. 2018

Sa mga: **Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya**
Sangay na ito

Galing ni: **AGUSTINES E. CEPE, PhD, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Paksa: **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Petsa: **Ika 27 ng Hulyo, 2018**

---

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang sa taunang **Buwan ng Wika 2018** mula Agosto 1 hanggang 31, 2018 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema sa pagdiriwang sa taong ito ay "Filipino: Wika ng Saliksik".

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:

    a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997
    b. Mahikayat ang iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na magpapataas ng kamalayang pangwika atsibiko; at
    c. Maganyak ang mga mamamayangPilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang sumusunod:
    a. Filipino: Kasangkapan sa Pambansang Karunungan
    b. Kayamanan Kultural: Saliksikin Gamit ang Sariling Wika Natin;
    c. Filipino, Isang Pamanang-Bayan; at
    d. Intelektuwalisasyon ng Filipino, Para sa Kaunlaran ng Bansa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng mga gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang mga ito ay hindi nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Komisyon ng Wikang Filipino (KWF)**, Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN), Gusaling Watson, 1610 JP Laurel Street, Malacanang Complex, San Miguel, Maynila, sa telepono (02) 736-2524; (02) 736-2525 o e-mail: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com, at website www.kwf.gov.ph.

6. Hinihiling ang malawakan at madaliang pagpalaganap ng Memorandum na ito.

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s.2018

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

Records Section-Memorandum
cid /gel